

“Simula ng Pangarap”

“Ibang Klase” Session Guide Unang Episode: “Simula ng Pangarap”

I. Mga Layunin

1. Naisa-isa ang mga pagpapahalaga upang magtagumpay
2. Nakikilala ang sariling kakayahan at pagpapahalaga
3. Naipakikita ang pagpapahalaga sa pagkakaroon ng kakayahan entrepreneurial gaya ng:
 - di-pagpapalampas ng pagkakataon
 - pagiging malikhain at pagkakaroon ng pananaw
 - paglinang ng pananaw at tunguhin upang magkaroon ng ikabubuhay

II. **Paksa:** Pagkilala sa sarili at pagpapahalagang pansarili

III. **Pamamaraan:**

A. Paghahanda:

Pagpapakita ng larawan ng isang taong nakatanaw sa malayo, bakas sa mukha ng tao ang kasiyahan.

Itanong: 1) Ano sa palagay mo ang ipinahihiwatig ng larawan?
2) Kung ikaw ang nagmumunimuni, ano kaya ang iyong pagtutuunan ng pansin?

B. Paglalahad:

Pagbibigay ng pamantayan sa panunood ng programa.

- Alamin ang ikinikilos ng mga tauhan.
- Bigyang pansin ang sinasabi ng bawat tauhan. Iugnay sa sariling karanasan.

1. Panunood ng programa

2. Pagsusuri:

Itanong: - Paano ipinakikita ni Pintet ang kanyang pagbabalik-tanaw sa nakaraan?
- Anu-ano ang mga pagbabagong nagaganap sa buhay ng mga tauhan?
- Sa palagay mo ba'y iyon ang inaasam ni Pintet na pagbabago sa mga dating kakilala?

- Anu-ano ang ipinakita ng mga tauhan noong nagkasama sila upang maging ganito ang maging palagay ni Pintet?
- Paano ipinakita ni Juan ang pag-aalaga sa kalusugan ng ina?
- Paano ipinakita ni Aling Lucia ang kahalagahan ng gulay sa katawan?
- Paano ipinakita ng mga tauhan ang pagpapahalaga sa sarili at sa kapwa? Magbigay ng halimbawa.

Hal.: - Pagsisikap ni Aling Lucia na lumago ang tindahan?

- Pagtitiyaga ni Ma'am Jona na maakit ang mga kabataang di nag-aaral na bumalik sa paaralan.
- Ginawa ni Juan upang di malulong sa masama ang mga kaibigan.

3. Paglalahat:

Itanong: - Anu-anong pag-uugali ang ipinakita ng mga tauhan?

Hal.: Si Juan:

Inasal upang di malulong sa masama ang mga kaibigan.

Si Aling Lucia:

Pagbibigay ng pagkakataon na kumita si Pintet.

Ang pag-iingat na magkasakit ay higit na mabisa kaysa gamutin ang karamdaman. Malalim ang kaugnayan ng gulay sa kalusugan.

Ipabasa ang nabuong konsepto sa aralin. (Huling talata ng script.)

IV. Pagbibigay Halaga:

1. Itanong: Sino ang hinangaan mong tauhan sa kwento? Isulat ang pangalan. Piliin sa talaan ng katangian ang iyong paglalarawan sa kanila.

mabait	masipag	malakas ang loob
matapang	mapusok	tapat
mahina ang loob	may kusa	magalang
matulungin	may malasakit	may pangarap sa buhay

2. Isulat ang dapat maging katangian ng isang entrepreneur.
3. Itala ang ginagawa ng Nanay para maalagaan ang ating kalusugan.

“Liwanag sa Kinabukasan”

“Ibang Klase” Session Guide
 Ikalawang Episode: “Liwanag sa Kinabukasan”

I. Mga Layunin

1. Natutukoy ang hangarin sa buhay.
2. Nasusuri ang mga salik na makatutulong na makamit ang tunguhin sa buhay.
3. Nagagamit ang sariling disiplina sa pang-araw-araw na gawain.
4. Nakasusunod sa wastong pamamaraan sa paghahanda ng pagkain.

II. Paksa: Sariling Disiplina

Salik tungkol sa pagtamo ng hangarin sa buhay
Paghahanda ng ilulutong pagkain

III. Pamamaraan:

A. Paghahanda:

Sabihin: May mga taong madaling nakakamit ang tagumpay. May mga tao naman na tila mailap ang tagumpay. Ano sa palagay ninyo ang dahilan? Magbigay ka ng sitwasyon na nagpapatunay na di mo agad nakamit ang iyong inaasahan.

B. Paglalahad

a. Panimulang Gawain:

Bumuo ng isang **relay race**.

Pag-aralan kung paano ang pagkakaisa at pagtutulongan ng pangkat ay nakatulong sa pananalo ng team.

Hingan ng kani-kanyang palagay ang mga nanood at ang mga kasali sa laro.

b. Paglalahad

1. Pagbibigay-tanaw sa paksa ng programa:

- Paglaya ng isang preso at paghahanap ng mapapasukan, di alintana ang pagkabigo.
- Pagiging masigasig ng ALS titser sa pangangalap ng mag-aaral.
- Iba-ibang ugali ng mag-aaral ng ALS.
- Pagpapaalala ng mga pamantayan sa panunood at pagtatalakayan tungkol sa programang panunoorin.

2. Panunood ng programa

3. Pagsusuri ng pinanood

Itanong: - Sa palagay mo ano ang pakiramdam ng isang preso na makalalaya na? Ano ang pakiramdam ng pamilya ng isang preso sa kanyang paglaya?

- Ano ang kabutihang maidudulot sa sarili ng kaalaman sa payak na pagluluto? Paano ihahanda ang mga iluluto upang mapangalagaan ang kalusugan?

- Paano ipinakita ni Aling Lucia ang pagtanggap sa naging buhay ng asawa?
- Paano ipinakita ni Mang Santi ang pagmamalasakit sa pamilya?
- Sabihin: Karaniwan na sa Learning Center ang iilan na mag-aaral. Paano kaya tinatanggap ng mga naruroon ang ganitong pangyayari?
- Paano dapat tanggapin ng pamayanan ang mga mahinang pag-iisip?
- Paano ipinakikita ni Ma'am Jona ang pagpapahalaga sa bawat mag-aaral?
- Ano kaya ang mararamdaman ng bagong layang preso sa malamig na pagtanggap sa kanya ng mga dating kakilala?
- Paano tatanggapin ng bagong mag-aaral ang mga ipinagagawa ng guro?
- Paano ipinakikita ni Ma'am Jona ang pakikisama sa mga tauhan ng barangay?
- Paano ipinakikita ng ina ang pagtatakip sa karaniwang sitwasyon sa tahanan?
- Paano ipinakikita ang pagmamalasakit ng pamilya sa kanyang kapwa at mga kasambahay?

c. Paglalahat:

Ano ang kapansin-pansin sa mga inasal ng mga tauhan?
 Alin sa mga ito ang karapat-dapat na tularan?
 Ipaliwanag: "Kung gusto, palaging may paraan."

d. Paglalapat

I-role play ang sumusunod na kalagayan:

1. Nais mong maging bahagi ng koponan ng basketball. Maaaring di ka napagbigyan, paano mo ito malalampasan?
2. Nais mong maging modelo sa kaayusan ng mga kabataang babae.

IV. Pagbibigay-Halaga

1. Punan ang sumusunod na talahanayan.

Ang natutunan ko sa araling ito...	Mga nais ko pang matutunan...	Mga paraan upang makamit ang aking gusto...
------------------------------------	-------------------------------	---

2. Idayalog ang sumusunod:

Paano ako makatutulong upang maging kapakipakinabang ang mga luluuin?

“Pagbubuo ng Pangarap”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikatlong Episode: “Pagbubuo ng Pangarap”

I. Mga Layunin

1. Naipaliliwanag kung paano mapamamahalaan ang sariling tahanan, kabuhayan at mga gawain.
2. Nagagamit ang mga pagpapahalaga katulad ng pagtitiwala, paggalang at pagiging mapagbigay sa pakikipagkaibigan at pakikipagkapwa.
3. Napamamahalaan nang maayos ang sariling ari-arian.
4. Nailalarawan ang mga katangian ng isang mabuting entrepreneur.

II. Paksa: Mga salik na makatutulong sa pagbubuo ng pangarap

- Pagkakaroon ng pananagutan
- Pagiging mabuting entrepreneur
- Pagsasaayos ng sariling ari-arian

III. Pamamaraan:

A. Paghahanda:

Balik-Aral:

1. Pagpapakita ni Juan ng mabuting halimbawa kina Estong at Aging
2. Mga tagpo sa unang araw ng CLC.

Ipa-role play:

Bago kang pasok sa CLC, hindi mo pa alam ang gagawin.

B. Paglalahad

1. Pag-uusap tungkol **sarole play**.
Itanong: Bakit ganoon ang naganap na pangyayari?
2. Paglalarawan ng mga pangyayaring magaganap sa script na panunoorin.
3. Panunood ng programa.
4. Pagsusuri:
 - Bakit kailangang ilihim ang ilang pangyayari sa ating buhay?
 - Paano makaaakit o makakukumbinsi ang isang magtitinda sa kanyang mamimili?
 - Paano madaragdagan ang iyong kaalaman sa pakikipamuhay?
 - Paano ipinakita ni Emil ang pagmamahal sa trabaho at pagpapalawak ng kaalaman?
 - Paano o kailan napakikinabangan ang pagpapanggap?
 - Paano ipinakita ng mga tauhan ang pagiging responsable?
 - Paano ipinamalas ni Ma’am Jona ang pagmamalasakit sa mga mag-aaral?

C. Paglalahat

Itanong:

Anu-anong pagpapahalaga ang kailangan upang matamo ang pangarap?
Paano magiging inspirasyon ang ibang tao sa pagtatamo ng ating pangarap?

IV. Pagbibigay-Halaga:

Sumulat sa inyong sarili. Sabihin kung paano mo maisasakatuparan ang inyong mga pangarap.

“Huwarang Paghahanapbuhay”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikaapat na Episode: “Huwarang Paghahanapbuhay”

I. Mga Layunin:

1. Natutukoy ang pansariling kakayahan
 - 1.1 Nasasabi ang sariling lakas at kahinaan
2. Nakikilala ang sariling kakayahan na magagamit sa paghahanap-buhay

II. Paksa:

Sariling kakayahan, lakas at kahinaan
Kasanayang pansarili sa paghahanapbuhay

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

Pag-usapan ang pinagkakakitaan ng mag-anak ng mag-aaral;
pinagkakakitaan ng mga tao sa baranggay; kakayanan ng baranggay na pinagkikitaan.


B. Panlinang na Gawain

- a. Pangkatin ang mag-aaral.
- b. Ituro ang gagawin sa tulong ng Cooperative Learning Strategy.
 - Sabihin kung paano gagawin ang Think-Pair-Share Strategy.
 - Ipaliwanag:
 - Tatlong hakbang ito sa istrukturang pagtutulungan (cooperative structure).
 - Pag-aralan nang tahimik ang tanong ng mobile teacher.
 - Pangkatin sa dalawa ang mag-aaral at magpapalitan ng kuro-kuro.


- Sa ikatlong hakbang, magpapalitan sila ng sagot sa suliraning hanggang sa malutas ito.
 1. Ibibigay ng guro ang mga tanong:
 - 1.1 Anu-ano ang katangian ni Melencio?
 - 1.2 Paano niya magagamit ang katangiang ito sa maayos na paghahanap-buhay?
 2. Ipapanood ang video.
 3. Pagtutuunan ng pansin ng mga pangkat ang tanong na ibinigay ng guro.
 4. Magpapalitan ng sagot ang mga magkakapareha.
 5. Buuin ang sagot sa tanong.

- C. Tukuyin ang ginawa ni Melencio upang maging matagumpay na entrepreneur.

- D. Papunan ang dayagram tungkol sa katangian ni Melencio bilang entrepreneur o negosyante.



- E. Punan ang dayagram ng mga katangian sa pakikipamuhay.



- F. Paglalahat:

Bayaang ibigay ng mag-aaral ang paglalahat batay sa nabuong dayagram.

Hal. Si Melencio ay matiyaga, masipag at marunong makisama.

G. Paglalapat:

Kung ikaw ay isang negosyante, ipakita mo ang iyong gagawin. Ilarawan mo ang iyong sarili bilang isang taong may kasanayan sa pakikipamuhay.

H. Pagtataya:

Isabuhay ang sitwasyong sumusunod:

Magtitinda ng gulay sa palengke si Aling Lucia. Ipakita kung paano siya kikita. Paano siya kagigiliwan ng mamimili?

I. Karagdagang Gawain:

Magmasid sa mga magtitinda sa inyong pamayanan. Ilarawan ang kanilang katangian bilang entrepreneur at kanilang kasanayan sa pakikipamuhay.

“Sama-samang Pagsisikap”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikalimang Episode: “Sama-samang Pagsisikap”

I. Mga Layunin:

1. Napapahalagahan ang maalab na damdamin ng entrepreneur o negosyante at kanyang kasanayan sa pamamagitan ng:
 - 1.1 Pagtukoy at pagsubok ng pagkakataon o oportunidad
 - 1.2 Pagkakaroon ng tinimbang o pinag-isipang pagsubok
 - 1.3 Pagiging matatag
 - 1.4 Pagkakaroon ng disiplina
 - 1.5 Pagiging malikhain at may bisyon
2. Nagagamit ang kasanayan sa pakikipamuhay gaya ng:
 - 2.1 Pagpapasiya
 - 2.2 Maayos na pakikipagtalastasan
 - 2.3 Mabuting pakikipagkapwa

II. **Paksa:** Kasipagan at pagtitiyaga: mga susi sa pag-unlad ng entrepreneur

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

Pag-usapan ang karanasan sa pagtitinda o kaya’y karanasan bilang isang mamimili.

B. Panlinang na Gawain:

Sabihin:

Papangkatin ko kayo ng tig-lima bawat pangkat. Panoorin ninyo ang video. Pag-aralan ang inasal ng mga tauhan. Sagutin ang sumusunod na tanong:

- Anong gawi o katangian ng negosyante ang iyong matutularan? Sa paanong paraan ito magagawa?

Bawat isa sa inyo ay inaasahang matututunan sa pinanood na video ang wastong gawi sa pagnenegosyo.

Pagkatapos mapanood ang video, sasabihin sa mga kasama mo sa pangkat at pag-uusapan ninyo kung maituturo ito sa ibang pangkat.

Ipakita ang sequence 1-5.

1. Pagtatalakayan
2. Pagbubuo ng Konsepto

Ang negosyante ay hindi nagpapalampas ng oportunidad.

Alam ng negosyante kung kailan siya nagbabakasali.

Mahalaga sa negosyante ang hindi nagpapalampas ng oportunidad at marunong magbakasakali.

3. Pagtatalakayan

Sequence 1-6.

4. Papanoorin ang sequence 7-10.

5. Pagtalakayan ang naging asal ni Aling Lucia sa pagtitinda. Pag-usapan ang ipinakita ni Aling Lucia sa pagiging tapat sa sariling pangako.

6. Ipapanood ang sequence 10-11.

7. Pagtalakayan ang tanong:

Paano ipinakita ni Aling Lucia na may pananaw siya sa kinabukasan?

C. Paglalahat:


Ipaulit sa mag-aaral ang binuo nilang konsepto pagkatapos panoorin ang programa.

D. Paglalapat

Isadula ang napanood na video. Bigyan ng diin ang pag-uugali ni Aling Lucia bilang magtitinda at pagsunggab sa pagkakataon at hindi pagkabahala sa mga pagkakataong pinasukan.

E. Pagtataya:

Punan ang dayagram na sumusunod ng mga katangian ng mga nagsisimulang negosyante.



“Diskarte sa Pagtitinda”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikaanim na Episode: “Diskarte sa Pagtitinda”

I. Mga Layunin:

1. Naipakikita ang pagpapahalaga sa damdaming entrepreneurial gaya ng pagiging masigasig, matiyaga, may disiplina, malikhain at may bisyon.
2. Natutukoy ang mga mamamayang may kakayahan at magandang saloobin sa paghahanapbuhay.
3. Naipakikita ang pagkakaroon ng bisyon at tunguhin sa paghahanapbuhay.

II. Paksa:

Pagiging produktibong entrepreneur
Mga palatandaan o pagkakalinlan ng isang entrepreneur


III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

Ipalagay mong isa kang bagong sumisibol na negosyante. Paano mo ipakikita na ikaw ay maaaring pagtiwalaan o mapaniwala mo ang iba na kaya mong mapalago ang iyong negosyo?

B. Panlinang na Gawain:

- a. Punan mo ang dayagram na sumusunod upang tanungin ang sarili kung anong uri ng entrepreneur ang pangarap mo?



b. Pagtatalakayan

- Bayaang pumili ang mag-aaral ng makakapareha. Gagawa sila ng payak na pagpapanayam. Maaaring magtatanong ang isa, sasagutin ng isa. Magpapalitan ang mag-aaral. Gagamiting batayan ng pagtatanungan ang binuong dayagram.

Hal. Tanong:

Ano ang bisyon mo bilang negosyante? Paano mo magagawa iyon? Paano ka makikisama sa kapwa mo negosyante at mamimili?

c. Flash video

- Sequence 1-2.

Itanong pagkatapos: Paano dapat ipinakikita ng isang negosyante ang pagpapahalaga sa kanyang mamimili?

- Sequence 4 at 5.

Paano pahahalagahan ng isang negosyante ang bawat sentimo ng kanyang puhunan?

Ilarawan ang dapat gawin para maakit ang mga mamimili.

- I-flash ang sequence 6.

Itanong: Paano ipinakita nina Estong at Aging ang mabuting pakikisama sa mamimili?

Paano nakipagtulungan sa ibang magtitinda ang bagong entrepreneur?


d. Paglalapat:

Isadulang buhay ang sumusunod na sitwasyon:

1. Magtitinda ka ng bagoong. Ipakita mo kung paano aalagaan ang kapakanan ng iyong mamimili.
2. Sasali ka sa seminar ng mga bagong negosyante. Ipakita mo ang pagkamasigasig mo.

e. Pagtataya:

Lagyan ng sagot ang dayagram. Isulat sa sinag ng araw ang dapat maging bisyon ng isang entrepreneur.



f. Karagdagang Gawain:

Sumulat ng isang sanaysay upang mailarawan ang isang entrepreneur.

“Ginhawa sa Pagtitinda”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikapitong Episode: “Ginhawa sa Pagtitinda”

IV. Mga Layunin:

3. Nakikilala ang negosyante bilang tagasimula, tagapagpalaganap at tagapatakbo
4. Nasasabi kung anong negosyo ang angkop sa kapaligiran
5. Naipaliliwanag kung paano gugulong ang negosyo
6. Nakabubuo ng samahan ng mumunting negosyante

V. Mga kasanayan sa pakikipamuhay

- Malikhaing pag-iisip
- Kapakipakinabang na kasanayan ng negosyante
- Pag-aangkop ng sarili sa mabibigat na dalahin
- Kabatirang pansarili

Paksa: Sige, Gulong Munting Negosyante

VI. Pamamaraan:

J. Panimulang Gawain:

1. Pagpapalitan ng karanasan
 - Maaaring nagtitinda o may munting negosyo
2. Pagganyak
 - Itanong:
 - Paano mo natitiyak na ikaw ay kumikita?
 - Pag-usapan ang kasiyahan sa pagtitinda-tinda?
 - Pag-usapan: Kumikita ka ba sa iyong negosyo?

K. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:
Ipakita ang video ng: "Ginhawa sa Pagtitinda"
2. Pagtatalakayan:
 - a. Gamitin ang Random Groups of 3 na istratehiya.
Tatalakayin ng grupo ang paksa ng video.
Pag-uusapan ng grupo ang maaaring mangyari.
Hal. Ano ang mangyayari kung walang tinirhang bahay si Concordia?
Ano ang mangyayari kung hindi makakita ng customer si Concordia?
Ano ang mangyayari sa pag-aaral sa ALS nina Wilma at iba pa sakaling mawili ang mga ito na mag-alok ng paninda ni Concordia?
3. Pagsusuri
Ibibigay ng bawat grupo ang kanilang sagot sa mga tanong na ilalahad.
Hahayaang ibigay ng grupo ang naging batayan ng mag-aaral sa pagbibigay ng hinuhang mangyayari.
4. Paglalahat

Hal. Sagot: -Magkakaroon ng problema sa pag-aalok ng paninda si Concordia, at magkakaproblema rin si Emil dahil hindi mababayaan ang kapatid.
- Matitigil sa kanyang pagnenegosyo si Concordia. Uuwi si Concordia sa baryo nila. Hihina ang kita nila.
- Maaaring mapabayaan nina Wilma ang pag-aaral sa ALS kung mawiwili sila sa pagnenegosyo.

Kabuuang Paglalahat:

Si Concordia ay dapat makaisip ng mga paraan upang mapalago ang negosyo. Magiging masigasig siya sa pangangasiwa ng negosyo. Aayusin niya ang kanyang kinikita upang maging maayos at magpatuloy ito.

5. Paglalapat:

Hayaang magkwento ang mag-aaral ng maaaring maging karanasan ni Wilma sa pagtulong kay Concordia.

Bayaang magplano ang klase upang magtagumpay si Concordia sa kanyang negosyo.

VII. Pagtataya:

I-role play ang sumusunod na sitwasyon:

Nagre-recruit ka ng magiging tagapag-alok ng produkto mong ipinasusulong (ipino-promote)

“Pangangailangan at Pagnanais”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikawalong Episode: “Pangangailangan at Pagnanais”

I. Mga Layunin:

1. Naiisa-isa ang mga pangangailangan at pagnanais.
2. Nasasabi kung paano matutugunan ang pangangailangan at pagnanais.
3. Naipaliliwanag kung paano pagkakagastusan ang pangangailangan at pagnanais.
4. Natatalakay kung paano mapamamahalaan ang pangangailangan at pagnanais.

II. Mga Kasanayan sa Pakikipamuhay

- Pagpapasiya
- Paglutas ng suliranin
- Pagkilala sa sarili
- Mapanuring pag-iisip

III. Paksa: Pangangailangan at Pagnanais

IV. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagganyak:

Batiin ang mag-aaral sa kanilang kaayusan. Purihin ang pagiging maayos nila sa pananamit.

Itanong:

Sino ang bibigyan natin ng papuri sa kaiga-igaya niyang kaayusan?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad:

Bigyan ng katuturan ang pangangailangan at pagnanais. Alin ang higit na mahalaga sa maayos na pamumuhay?

Ipakita ang video.

2. Pagtatalakayan:

Gamitin ang istrategyang Three-Minute Review.

Pag-usapan at sagutan ang video.

- Pagpuna sa bagong T-shirt ni Estong
- Pagkasunog ng bahay ng isang kaklase.
- Pag-usapan ang hierarchy of needs. Hayaang magtanungan ang mag-aaral tungkol sa dahilan ng pagkakaroon ng hierarchy of needs.
- Maaaring isulat sa pira-pirasong papel ang sumusunod na tanong. Papiliin ang mag-aaral. At kunwa'y mag-interbyu ang mag-aaral sa bumunot ng tanong.

Mga tanong:

- Ano ang pangunahing kailangan ng tao?
- Bakit seguridad ang pangalawa?
- Bakit isa sa mga pangunahing kailangan ay pagmamahal sa kapwa?
- Ano ang pangangailangan mong pansarili na ikaapat na pangangailangan?
- Ano kaya ang panghuling pangangailangan?
- Bakit mahalaga ang kaligayahan at pakiramdam?

Paupuin na parang nasa panel discussion ang mga batang iinterbyuhin. Hihingan ng ibang kasali ng paliwanag ang bawat kasali.

3. Paglalahat

Hayaang basahin ang sumusunod:

Ang Hierarchy of Needs:

1. Pangunahing pangangailangan ng tao: bahay, pagkain, damit, pahinga
2. Kaseguruhan at kaligtasan
3. Pagmamahal at mapabilang
4. Pagpapahalaga sa sarili

5. Pansariling kasiyahan katulad ng mabuting pakiramdam at pagiging masaya
 4. Paglalapat
- Isa-isahin ang hierarchy of needs at kung paano maisasakatuparan ito.

V. Pagtataya

Pumili ng isang pangangailangan ng tao.
Ilarawan kung paano ito makakamtan.
Hal. Gumupit ng larawan na magpapakita na tanggap siya ng mga kasamahan.

Karagdagang Gawain:

Bumuo ng script tungkol sa paraan upang makamit ang isa sa mga hierarchy of needs.

“Mag-ipon Tayo”

“Ibang Klase” Session Guide Ikasiyam na Episode: “Mag-ipon Tayo”

I. Mga Layunin:

1. Nailalarawan ang konsepto ng passive entrepreneurship
2. Naipakikita ang mga paraan para makamtan ang kasarinlang pinansyal
3. Naisasabuhay ang patakarang “hindi maibabahagi ang isang bagay na wala ka”

II. Paksa

- Mga Kasanayan sa Pakikipamuhay
- Pagdedesisyon
- Produktibong pagnenegosyo
- Mag-ipon-Tungo sa Kaunlaran

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

Pagganyak:

Itanong: Sino ang nag-iipon? Saan galing ang iyong inipon?
Paano ka mag-ipon? Ano ang gagawin mo sa iyong iniipon?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Ipapanood ang video. Subaybayan ang panonood ng mag-aaral.

2. Pagtatalakayan:

Gamitin ang split-class discussion.

Hatiin ang klase. Bawat hati ay tatalakayin angtungkol sa iba't ibang uri ng pag-iipon.

Gamitin ang mga sumusunod na tanong:

- a. Saan galing ang iyong inipon?
- b. Paano ka nag-iipon?
- c. Bakit hindi ka dumeretso sa bangko?
- d. Ano ang kabutihan ng pag-iipon sa bangko man o sa sariling tahanan?

Mga tanong sa pinanood na video:

- a. Paano nakatulong ang pag-iipon ni Mang Santi?
- b. Paano nakakaipon si Pintet?
- c. Bakit tumututok si Aling Lucia sa pagbili ni Mang Santi ng TV?
- d. Bakit nagsisikap si Aling Ditas na makaipon?
- e. Paano makatutulong ang pag-iipon ng passive income balang araw?
- f. Paano nakatulong kay Pintet ang kanyang pag-iipon?

Pagpapalitan ng kuro-kuro

Kung ikaw si Pintet, mag-iipon ka ba buhat sa kakaunting kinikita?

Kung ikaw si Aling Ditas uubusin mo basa mga anak ang iyong iniipon?

3. Paglalahat

Saan ba natin inilalaan angating iniipong pera?

4. Paglalapat

Isa-isahin mo ang dapat gawin para magkaroon ng kasarinlan sa pinansyal na gawain.

Magbigay ng halimbawa ng kasabihang: "Hindi mo maibabahagi ang bagay na wala ka."

Ibigay ang maitutulong sa kinabukasan ng passive na entrepreneurship.

IV. Pagtataya

Ilarawan kung paano mo isasagawa ang pag-iipon ng "passive income".

V. Karagdagan Gawain

Gawing proyekto ang paggawa ng alkansiya.

Magkaroon ng talaan ng pagkukunan ng iipunin.

“Alagaan ang Kalusugan at Kapaligiran”

“Ibang Klase” Session Guide

Ikasampung Episode: “Alagaan ang Kalusugan at Kapaligiran”

I. Mga Layunin

1. Natutukoy ang mga suliraning pangkalusugan ng pamilya at pamayanan.
2. Nasasabi ang mga gawaing pangkalusugan, pangkalinisan at pangnutrisyon ng pamilya at pamayanan.
3. Nailalarawan ang mga proyekto na makatutulong sa paglutas ng mga suliraning pangkalusugan.
4. Nasasabi ang mga produkto at serbisyong pangkalusuganna kailangan ng pamayanan.

II. Paksa

- Gawi sa pagkain ng mga kasapi ng pamilya.
- Mga gawi sa pagkain na ibinibigay ng pamayanan.
- Sentro ng serbisyo sa pamayanan, gaya ng karinderya, karaniwang panggamot ng albularyo, pag-aalaga sa mga matatanda at maysakit.

Kagamitan:

- TV
- DVD

III. Pamaraan:

A. Panimulang Gawain

Pag-usapan: Mga suliraning pangkalusugan ng pamayanan:

- nutrisyon
- gawing pangkalusugan
- proyekto ng pamayanan sa paglutas ng mga suliraning pangkalusugan
- mga serbisyong pangkalusugan sa pamayanan
 - Health Center
 - Mga Albularyo
 - Halamang Gamot

B. Pagsusuri

Paano inihahanda ni Ditas ang pagkain ng mga anak?

Hayaang ilarawan ng mag-aaral ang kani-kanilang karanasan sa ganitong pagkakataon.

Pag-usapan ang reaksyon ng pamilya sa inaasal ng mga magulang.

Sabihin:

Sa loob ng isang minuto isulat ninyo ang gawi ninyo sa pagkain.

Pagkaraan ng isang minuto, ipabasa sa mag-aaral ang kanilang isinulat. Pag-usapan din ang mga dahilan ng mga kabataang sumali sa ALS. Balikan ang pang-aakit na ginagawa ng guro ng ALS.

Pag-usapan ang karaniwang nangyayari sa mga kainan sa kanto o mga karinderya.

Paglalahat:

Hayaang ibigay ng mag-aaral ang mga karanasan sa pagkain nila sa tahanan atang nangyayari sa pagkain nila sa mga karinderya.

Ilarawan ang mga kainan sa labas ng tahanan sa sariling pamayanan. Sikapang mabuo ng mag-aaral ang sumusunod: Karaniwan na nahihiligan ng mga tao sa pamayanan ang kumainsa mga karinderya.

Paglalapad:

Papagbuuin ng pasiya ang mag-aaral tungkol sa paghahanda ng pagkain sa sariling tahanan at pagpili ng kakainang karinderya.

IV. Pagtataya

Ipa-role play ang sitwasyong sumusunod:

1. Walang panahon ang mga kasapi ng mag-anak na maghanda ng pagkain.
2. Paggamit ng halamang gamot

V. Karagdagang Gawain

Ipasadula ang Seq. 6 ng Episode 10.

“Ang Kalusugan ay Kayamanan”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-11 Episode: “Ang Kalusugan ay Kayamanan”

VI. Mga Layunin

Terminal Objective: Nagagamit ang makaagham na pag-iisip sa pang-araw-araw na kalagayan sa buhay.

Enabling Objectives:

- Nailalarawan ang kahulugan ng kalusugan.
e.g. Ang kalusugan ay hindi lamang ang kawalan ng karamdaman. Ito ay ang kabuuang pisikal, mental at sosyal na kalagayan ng isang tao.

- Naipaliliwanag ang konsepto ng sakit, e.g. pagbabago sa kabuuang kalagayan ng isang tao.
- Natutukoy ang mga sakit na nakaaapekto sa kabuuang kalagayan ng isang tao.
- Naiiisa-isa ang mga sakit na nakaaapekto sa kalagayan ng isang tao gaya ng:
 - o salin-salin sa magulang gaya ng:
 - sakit sa puso
 - pagkakaroon ng kapansanan
 - mahinang panlaban sa karamdaman
 - namamanang mga karamdaman gaya ng diabetes, hika, pagtaas ng presyon ng dugo

VII. Paksa

Ang kalusugan ay kayamanan.

Kagamitan:

- Tsart ng mga karamdaman.
- Larawan ng iba-ibang graphic organizer na angkop sa paksa.

VIII. Pamamaraan

A. Paghahanda

Mga Gawain:

1. Bayaang ilarawan ng mag-aaral ang kanilang tirahan. Paano ito mararating? (sasakyan; kung maglalakad ibigay ang baranggay, kalyeng daraanan, mga palatandaan para marating ang adres.)
2. Hayaang ibigay ang paraan para madaling makausap:
 - telephone number
 - mga taong nakakakilala gaya ng punong baranggay o kagawad
 - mga palatandaan, Hal. ilog, sapa, burol, kakahuyan, tumana, atbp.

B. Paglalahad

- Pagsusuri:
 - Itanong:- Bakit kailangan ang mga impormasyon na napag-usapan?
 - Bakit mahalagang malaman ang pagkakakilanlan ng isang tao? (birth certificate)

Paglalahad ng suliraning bumabagabag sa klase:

1. Ano ang karamdaman ni Juan? Ano ang dahilan?
2. Paano ipakikita ang pakikiisang damdamin sa kapwa?
3. Paano malalaman ang dahilan ng di pagpasok ni Kristina?

Papangkatin ang klase upang mapag-usapan ang mga suliranin.

Ang mapagkaisahan ng pangkat na solusyon ay iulat sa klase.

- Paglalahat

May karamdaman si Juan na lumilitaw lamang kung labis na napagod.

Maaaring namana ni Juan ang kanyang hika.

Ang labis na pag-aalala sa kalagayan ng kalusugan ng kapwa ay katumbas ng pakikiisa sa may karamdaman.

Ang pagdalaw sa may karamdaman ay isang paraan ng pakikiramay.

- Paglalapat

1. Ilarawan ang anyo ni Juan bago nalaman ang kanyang karamdaman.

2. Ang labis na kapaguran ay magiging sanhi ng pag-atake ng hika.


3. May mga karamdaman na namamana sa magulang.

4. Ang pakikiisang damdamin ay maipakikita sa tahasang pag-aalala.

- Pagpapahalaga

Itanong: Paano mo maipakikita ang iyong pakikiisang damdamin sa kapwa?

IX. Pagtataya- Punan ang sumusunod na larawan:



a. Punan ang talahanayang sumusunod:

Mga dati ko nang alam	Mga natutuhan ko sa pagtatalakayan	Mga bagay na nais ko pang matutuhan

“Iba't Ibang Polusyon sa Paligid”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-12 Episode: “Iba't Ibang Polusyon sa Paligid”

X. Mga Layunin

1. Naipakikita ang kakayahan sa makaagham na pag-iisip sa pamamagitan ng pagkilala ng suliranin at paglutas nito.
2. Nakapagbibigay ng haka-haka tungkol sa mga gawing pangkalusugan sa pamayanan na nagiging dahilan ng mga sakit ng pamilya at mga tao sa pamayanan.
3. Nakikilala ang mga suliranin sa tulong ng kakayahang makaagham.

XI. Paksa: Iba't Ibang Polusyon sa Kapaligiran

Kagamitan: Kartolina para sa learning stations
Mga graphic organizer

XII. Pamamaraan

A. Paghahanda

Mga Gawain:

Pagbubuo ng survey instrument para sa kalagayang pangkalusugan ng pamayanan.

Hal.

- Bilang ng mga dinapuan ng dengue sa pamilya at pamayanan.
- Kalagayang pangkalinisan sa pamayanan.
 - Uri ng pagtatapon ng basura
 - Kalagayan ng sapa o kanal sa pamayanan
 - Uri ng pinagkukunan ng tubig

- Paraan sa paghahayupan
- Kaanyuan ng bahayan sa pamayanan:
 - siksikan ba
 - uri ng mga bahay
- Kaayusan ng kapaligiran
 - may halaman ba?
 - may mga puno ba?
- Damuhan sa kapaligiran

Gumawa ng mock survey sa klase.

Punahin ang reaction ng mag-aaral. Hayaang bumuo ng kongklusyon ang mag-aaral.

B. Pagsusuri

Bayaang magbigay ng puna ang mag-aaral: 1) Sa ginawang survey schedule. 2) sa ginawang mock survey.

Pag-usapan ang maaaring maging reaksiyon ng pamayanan sa gagawing survey.

C. Paglalahat

Itanong: Ano kaya ang maaaring ibunga ng survey na gagawin?

- tanggapin kaya ng mamamayan?
- magkaroon kaya ng pagbabago?
- makita kaya ng mamamayan ang epekto ng polusyon sa kalusugan ng mamamayan?

Bumuo ng paglalahat batay sa ginawang mock survey.

Hal. Magtatatag ng komiteng pangkalusugan ang baranggay.

Magkaroon ng lider pangkalusugan sa bawat sitio ng baranggay.

Iwasan ang pagkakaroon ng paligsahan sa kalagayang pangkalinisan sa bawat sitio.

D. Paglalapat

Magbigay ang mag-aaral ng iba't ibang kalagayan sa pamayanan na lumilikha ng suliraning pangkalusugan.

Hal. Pagdaloy ng dumi ng mga hayop sa ilog o sapa.

Pagtatambak ng basura sa baybayin o kaya'y sa mga kakahuyan (wooded area)

Bumuo ng learning station. Ang mga nabuong suliranin ng mag-aaral ay isusulat sa kartolina. Ipapaskil sa paaralan. Bawat mag-aaral ay isusulat ang kanyang ang kanyang mungkahing sagot sa suliranin. Pagkatapos ay bubuo ng konsepto o mensahe ang klase.


Hal.

Ang mga gawing pangkalusugan ng mamamayan ay dahilan ng mga suliraning pangkalusugan.

Maging vigilant ang bawat mamamayan sa inaasal ng kapitbahay na nakaaapekto sa kalusugan ng pamayanan.

XIII. Pagtataya

Pupunan ang sumusunod na concept mapping:



“Kalinisang Pansarili at Pangkapaligiran”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-13 Episode: “Kalinisang Pansarili at Pangkapaligiran”

I. Mga Layunin

Nagagamit ang makaagham na pag-iisip sa pang-araw-araw na kalagayan sa buhay.

- Gawin ang pag-iwas sa mga sakit
- Maging malikhain sa pag-iwas sa mga sakit
- Pangalagaan ang iba't ibang sistema ng katawan sa pamamagitan ng:
 - maayos nagawing pangkalusugan
 - malinis na kapaligiran
 - tamang nutrisyon
 - pansariling kalinisan
- Nagagamit ang kasanayang makaagham sa paglutas ng mga problemang kaugnay ng pamilya at kabuhayan ng pamayanan.
- Makapagbigay nang may katuturang hula kung bakit nangyayari ang mga bagay sa kapaligiran.

II. **Paksa:** Pansariling kalinisan: Susi sa kalusugan ng pamayanan

Kagamitan: Mga bagay-bagay na kaugnay ng kalinisan/kalusugan

Mga modyul tungkol sa kalusugan at kalinisan

Mga folders

Larawan ng mga matanda't batang may karamdaman

III. Pamamaraan

A. Paghahanda

Pag-usapan ang sakit na k umakalat sa kasalukuyan.

Ano ang karaniwang sanhi ng sakit na iyon?

Bayaang ilarawan ang sanhi ng sakit na umiiral.

Maaaring ipapantomime ang dahilan.

Maaari ring iguhit ang dahilan o kaya'y ipaayos ang sand table upang maipakita ang dahilan.

B. Paglalahad

Pagsusuri

Pabigyang puna ang gawaing ipinakita. Maaaring ipakwento o mabigyang puna ang gawain.

Paglalahat

Ipasabi ang napagkasunduang konsepto.

Hal. Ang maruming kapaligiran ang sanhi ng lumalaganap na sakit.

Pag-usapan ang mga paraan upang masugpo ang sakit.

- Sama-samang pagkilos ng mga mamamayan
 - Paglilinis
 - Pag-aayos ng kapaligiran

Paglalapad

Pangkatin ang klase sa tatlo.

Hayaang itala ng bawat pangkat ang dapat gawin ng bawat mamamayan upang maging ligtas sila sa lumalaganap na sakit.

IV. Pagtataya

Isulat sa baitang ang mga dapat gawin upang mapangalagaan ang kalusugan at maaaring maging bunga nito.

Itala ito sa sariling journal.

The form consists of three rows of writing boxes. Each row has a blue rounded rectangle on the left and a white rectangle with a blue border on the right. The boxes are arranged in a staggered fashion: the first row is on the left, the second row is in the middle, and the third row is on the right.

“Pagmamalasakit sa Kapwa”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-14naEpisode: “Pagmamalasakit sa Kapwa”

V. Mga Layunin

1. Nalilinigang ang kasanayan sa pakikipagkapwa para sa maayos na pakikitungo sa pamilya at mga kabaranggay.
2. Naipakikita ang paggalang sa kapwa sa pamamagitan ng pagpapaubaya at pagpapahalaga sa pagkakaiba ng ideya, damdamin at paniniwala. Nakabubuo ng maayos na pakikitungo sa kapwa.

Kasanayan sa pakikipamuhay

- Pakikiisang damdamin
- Pagpapaubaya at pagtanggap sa kapwa

VI. Paksa: Pag-unawa sa mga taong may suliranin o may kapansanan

Kagamitan: VCD, module tungkol sa pakikibagay sa kapwa

VII. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

Gawain 1

Magpakita ng mga larawan ng may kapansanan. Pag-usapan kung paano pakikisamahan ang mga taong may kapansanan (pilay, bulag, taong may problema sa pag-iisip)

Gawain 2

Paano ka mamagitan sa mga taong nagtatalo dahil sa magkakaibang ideya o paniniwala?

Gawain 3

I-role play: Magkasama sa isang bahay na magkaiba ng paniniwala.

B. Panlinang na Gawain

1. Pagsusuri:

Pabigyan ng puna ang ginawang pagtatalakayan sa pakikitungo sa mga taong may problema at may kapansanan.

2. Pag-usapan ang maaaring itanong:

Paano ka tinanggap ng mga taong magkakatunggali?

Itanong: Paanong nagkakasundo ang magkakasambahay na magkakaiba ang paniniwala?

3. Paglalahat

Anu-ano ang dapat nating tandaan tungkol sa mga taong may problema o kapansanan?

Paano ipinakita ni Ma'am Jona ang kanyang pakikiisang damdamin sa kalagayan ni Kaka?

4. Paglalapat

Ating isabuhay (role play) ang sumusunod na kalagayan:

Isang mangingisda ang napadpad sa inyong baranggay pagkatapos ng bagyong Mina. Halos wala itong ulirat pagkatapos na magpaanod-anod ng ilang araw doon sa dagat. Gusto ninyong makauwi sa kanila.

VIII. Pagtataya

1. Sumulat ng isang panawagan sa radyo tungkol sa isang batang kinupkop ng inyong baranggay pagkatapos matagpuang namamalimos sa pundahan ng mangingisda.
2. Bumuo ng isang mock interview sa isang magsasaka na nasira ang sakahan pagkatapos hagupitin ng bagyo ang kanilang pamayanan.

“Kung Matuto Kang Bumasa at Sumulat”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-15 na Episode: “Kung Matuto Kang Bumasa at Sumulat”

I. Mga Layunin

1. Naipakikita kung paano mapangangalagaan ang sariling karapatan na may pananagutan.
2. Naipakikita ang paggalang sa karapatan ng tao katulad ng:
 - pagtanggap sa pagkakaiba ng bawat isa
 - pagtulong na magamit ang kakayahan ng kapwa

Mga Kasanayan sa Pakikipamuhay

1. Pakikiisang damdamin
2. Kasanayang makipagkapwa, makiisa sa iba.

II. Paksa: Pagbabahagi ng mabuting karanasan sa iba

Kagamitan: “Ibang Klase,” kartolina para sa learning station

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

Sabihin: Marami kang natutuhan dito sa CLC. Paano mo ito maibabahagi sa iba?

Hal. Maragdagan ang kinikita.

Mabasa ang lahat ng mga bagay na nabibili o gamit sa pagsasaka o paghahayupan.

Pagbabahagi ng natutuhan sa pagsali sa "seminar". Hal. Sa paghahalaman sa bakuran. Kailan itatanim ang iba't ibang gulay?

B. Panlinang na Gawain:

1. Pagsusuri

Itanong: Paano nakatulong si Ditas sa mga customers niya at sa mga katulong niya sa pagtitinda?

Anu-anong bagay ang naitulong ni Pintet sa mga magulang?

2. Paglalahat

Sabihin: May suliranin tayong lutasin. Ipasa ang nakasulat sa kartolina.

Paano ko ibabahagi ang mga natutunan ko sa CLC sa aking mga kabaranggay?

- Sa pagsasaka
- Sa paghahayupan
- Sa pagsulat at pagbasa

3. Paglalapat

1. Ipasulat ang kanilang sagot sa suliranin.
2. Pagtulongang suriin ang mga sagot, hanggang makabuo ng tamang mensahe.
3. Ipaulit ang ginawa ni Aling Ditas para maibahagi ang natutuhan niya sa CLC.
4. Maghahali-halili silang magturo at magtanong kay Kaka. Papatnubayan ng "mobile teacher" ang mag-aaral sa kunwa'y pagtuturo at pagtatanong na gagawin.

IV. Pagtataya

1. Anu-anong karapatan mo ang napangangalagaan dito sa CLC?
2. Gumawa ng talaan ng magagawa mo para maibahagi ang iyong natutuhan dito sa CLC.

V. Karagdang Gawain

Kunwa'y nasa barberya ka:

- Ibahagi mo ang natutuhan mo sa pagtanim ng gulay sa paligid ng bahay.
- Ibahagi mo ang mga balitang napangalap mo sa CLC.

“May Kalutasan ang Bawat Suliranin”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-16na Episode: “May Kalutasan ang Bawat Suliranin”

I. Mga Layunin

1. Nailalarawan ang pagkakaisa ng mag-anak sa iba't ibang pagkakataon
2. Napagtutulungang lutasin ang problema ng mag-anak
3. Natutukoy ang mga kalagayan na dapat pagtuwangan ng bawat kasapi ng mag-anak

Kasanayan sa Pakikipamuhay:

1. Kasanayan sa pagpapasiya
2. Paglutas ng suliranin
3. Pagbubuo ng desisyon

II. **Paksa:** Pagpapatibay ng pagsasamahan ng mag-anak

Kagamitan: Mga larawan ng mag-anak
“Ibang Klase” program

III. **Pamamaraan**

A. Panimulang Gawain

1. Magpakita ng mga larawan ng mag-anak.
Hayaang bigyan ng puna ang mga nakikita sa larawan.
2. Bayaang magkwentuhan sila tungkol sa magandang pagsasamahan ng mag-anak.
 - Gawain sa bahay
 - Paghahanap-buhay
3. Pag-usapan ang mga bagay-bagay na pinagtutuwangan ng mag-anak.

B. Panlinang na Gawain

Pagsusuri:

Ganyakin ang mag-aaral na maglahad ng karaniwang problema ng mag-anak.

Hal. - Paano magtutulongan ang mag-anak sa paghahanap-buhay?

- Anu-ano ang karaniwang dahilan ng di pagkakaunawaan ng mag-anak?

Ang mga suliraning ilalahad ang pag-uusapan.

Paglalahat:

Patnubayan ang mag-aaral upang mabuo ang sumusunod na paglalahat:

- Bawat problema ay malulutas.
- Magtulungan ang mag-anak upang ang problemang pampamilya ay madaling malutas.

Paglalatap:

Hingan ng palagay sa maaaring solusyon ang mag-aaral tungkol sa pagtigil ni Estong sa pag-aaral. Hayaang ibigay ng mag-aaral ang kanilang opinion sa pag-aaral ni Estong sa ALS.

Hal. - Epekto sa pamilya ng pagsali sa ALS

- Kabutihang dulot sa pagkakaroon ng ALS

I-role play: - Si Estong ay lilipat sa ALS at mamimili ng oras sa pagpasok.

- Pag-usapan ang gagawin ni Estong sa panahong hindi siya pumapasok sa ALS

- Pag-usapan ang pagbalik ni Estong sa formal school.

IV. Pagtataya

1. Hayaang mag-ulat ang mag-aaral sa epekto sa kanilang buhay ng kanilang pagsali sa ALS.
2. Bigyan sila ng pagkakataon na magbigay ng kanilang plano upang maibahagi sa pamilya ang mga natutuhan sa ALS.

V. Karagdagang Gawain

Subuking ganyakin ang mga batang di nag-aaral na sumali sa ALS.

Magkaroon ng kampanya upang ang mga adults ay mahikayat na sumali sa mga gawain ng ALS.

“Ako'y Pilipino! Ipinagmamalaki Ko”

“Ibang Klase” Session Guide

Ika-17 na Episode: “Ako'y Pilipino! Ipinagmamalaki Ko”

VI. Mga Layunin

- A. 1. Natutukoy ang mga kaugalian, pagpapahalaga at tradisyon na laganap sa Pilipino gaya ng:
Pagkakabigkis ng pamilya
Pistang bayan
Pamamanhikan
Paggamit ng tagapamagitan sa pakikiusap/paghingi ng pabor
Labis na paniniwala sa Maykapal
Pagpapahalaga sa pagkatao
2. Napahalalagan ang mga pag-uugali at gawi sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga epekto ng gawi at tradisyon sa buhay pampamilya.
3. Naibibigay ang sariling paninindigan tungkol sa paninindigan sa pagpapahinto o pagbabaliwala ng gawi at tradisyon?
- B. Kasanayan sa pakikipamuhay, pagpapahalaga at pagpapahalga sa paggawa
- Pakikiramay
Pakikiisang damdamin
Pagsugpo sa silakbo ng damdamin
- C. Isyung Kritikal: Ningas cogon
- D.
4. Napagtutulungang lutasin ang problema ng mag-anak
5. Natutukoy ang mga kalagayan na dapat pagtuwangan ng bawat kasapi ng mag-anak
- Kasanayan sa Pakikipamuhay:
4. Kasanayan sa pagpapasiya
5. Paglutas ng suliranin

6. Pagbubuo ng desisyon

VII. **Paksa:** Pagpapatibay ng pagsasamahan ng mag-anak

Kagamitan: Mga larawan ng mag-anak
"Ibang Klase" program

VIII. **Pamamaraan**

C. Panimulang Gawain

4. Magpakita ng mga larawan ng mag-anak.
Hayaang bigyan ng puna ang mga nakikita sa larawan.
5. Bayaang magkwentuhan sila tungkol sa magandang pagsasamahan ng mag-anak.
 - Gawain sa bahay
 - Paghahanap-buhay
6. Pag-usapan ang mga bagay-bagay na pinagtutuwangan ng mag-anak.

D. Panlinang na Gawain

Pagsusuri:

Ganyakin ang mag-aaral na maglahad ng karaniwang problema ng mag-anak.

Hal. - Paano magtutulongan ang mag-anak sa paghahanap-buhay?
- Anu-ano ang karaniwang dahilan ng di pagkakaunawaan ng mag-anak?

Ang mga suliraning ilalahad ang pag-uusapan.

Paglalahat:

Patnubayan ang mag-aaral upang mabuo ang sumusunod na paglalahat:

- Bawat problema ay malulutas.
- Magtulongan ang mag-anak upang ang problemang pampamilya ay madaling malutas.

Paglalapad:

Hingan ng palagay sa maaaring solusyon ang mag-aaral tungkol sa pagtigil ni Estong sa pag-aaral. Hayaang ibigay ng mag-aaral ang kanilang opinion sa pag-aaral ni Estong sa ALS.

Hal. - Epekto sa pamilya ng pagsali sa ALS
- Kabutihang dulot sa pagkakaroon ng ALS

I-role play: - Si Estong ay lilipat sa ALS at mamimili ng oras sa pagpasok.
- Pag-usapan ang gagawin ni Estong sa panahong hindi siya pumapasok sa ALS
- Pag-usapan ang pagbalik ni Estong sa formal school.

IX. Pagtataya

3. Hayaang mag-ulat ang mag-aaral sa epekto sa kanilang buhay ng kanilang pagsali sa ALS.
4. Bigyan sila ng pagkakataon na magbigay ng kanilang plano upang maibahagi sa pamilya ang mga natutuhan sa ALS.

X. Karagdagang Gawain

Subuking ganyakin ang mga batang di nag-aaral na sumali sa ALS.
Magkaroon ng kampanya upang ang mga adults ay mahikayat na sumali sa mga gawain ng ALS.